**UNIBERSIDAD NG CALIFORNIA, SAN FRANCISCO**
**KATIPUNAN NG MGA KARAPATAN**

# NG MGA KALAHOK SA PAG-EEKSPERIMENTO

Ang mga karapatan sa ibaba ay ang mga karapatan ng bawat tao na hinihinging lumahok sa isang pananaliksik na pag-aaral. Bilang kalahok sa pag-eeksperimento, karapatan ko ang mga sumusunod:

1) Ipaalam kung ano ang sinusubukang malaman ng pag-aaral,
2) Ipaalam kung ano ang mangyayari sa akin at kung ang alinman sa mga pamamaraan, gamot, o aparato ay naiiba sa ginagamit sa karaniwang gawain,
3) Ipaalam ang tungkol sa madalas at/o mahalagang mga panganib, mga side effect, o hindi komportableng pakiramdam na mangyayari sa akin para sa mga layunin ng pananaliksik,
4) Ipaalam kung mayroon akong maaasahang anumang benepisyo mula sa pakikilahok, at, kung mayroon, ano ang benepisyong ito,
5) Ipaalam ang tungkol sa mga iba pang pagpipilian ko at kung paano mas makabubuti o mas makasasama ang mga ito kaysa sa pagsali sa pag-aaral,
6) Mapahintulutang magtanong ng anumang mga katanungan kaugnay ng pag-aaral nang pareho bago sumang-ayon na lumahok at habang isinasagawa ang pag-aaral,
7) Ipaalam kung anong uri ng medikal na paggamot ang magagamit kung magkaroon ng anumang mga komplikasyon,
8) Tumangging lumahok sa lahat o magbago ang aking isip tungkol sa paglahok matapos magsimula ang pag-aaral. Hindi makakaapekto ang desisyong ito sa aking karapatang makatanggap ng pangangalaga na aking matatanggap kung wala ako sa pag-aaral,
9) Makatanggap ng isang kopya ng may lagda at may petsa na kopya ng porma ng pahintulot,
10) Maging malaya mula sa anumang pamimilit kapag isinasaalang-alang kung sasang-ayon akong lumahok sa pag-aaral.

Sasabihin sa akin ng aking doktor sa pag-aaral kung ang pananaliksik na pag-aaral ay pinangangasiwaan ng Administrasyon ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA). Nauunawaan ko na kung ang pag-aaral na ito ay pinangangasiwaan ng FDA, sa ilalim ng Pederal na Batas sa Pagkain, Gamot at Kosmetiko (Federal Food, Drug, and Cosmetic Act, FD&C Act), maaaring inspeksyunin at kopyahin ng FDA ang lahat ng talaang nauugnay sa aking paglahok sa pag-aaral.

---

Kung mayroon kayong iba pang mga tanong dapat ninyong itanong sa imbestigador o sa katulong sa pananaliksik. Bukod pa rito, maaari ninyong tawagan ang Institusyonal na Lupon na Tagasubaybay ng Pag-aaral (Institutional Review Board, IRB), na siyang kinauukulan pagdating sa proteksiyon ng mga kalahok sa mga proyektong pananaliksik. Maaari ninyong makontak ang opisina ng IRB sa pamamagitan ng pagtawag sa: (415) 476-1814 mula 8:00 AM hanggang 5:00 PM, Lunes hanggang Biyernes, o sa pamamagitan ng pagsulat sa UCSF Human Research Protection Program, Box 1288, 490 Illinois Street, Floor 6, San Francisco, CA 94143, o sa pamamagitan ng email sa irb@ucsf.edu. Tumawag sa (415) 476-1814 o mag-email sa irb@ucsf.edu para sa impormasyon sa mga pagsasalin.

Ang mga elemento ng pahintulot ay iniharap ng pasalita.

Pangalan ng Kalahok

Lagda ng Kalahok para sa Pahintulot

Magulang o Legal na Awtorisadong Kinatawan

Lagda ng Saksi

Petsa